



Healthy
Pilipinas



AHA! LEARNING CENTER'S

ESKWELANG PAMILYA

f /ahalearning @ /ahalearns

BATA MAY TANONG KA BA TUNGKOL SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

Lesson 4

Pambungad

Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa “**Home Quarantine**”. Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!

Bata, May Tanong ka ba Tungkol sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 4

Sources: Dealing with School and Childcare Closings, Healthy Children Organization & Department of Health

I. PAGBATI

Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! ❤️ Nandito po ulit si Teacher ____ 🧑🏫🏠. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🎨

II. ❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO

Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Patrick ng Taguig City.

📄 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, naiinip na po ako sa loob ng aming bahay. Gusto ko na pong maglaro ng basketbol kasama ang aking mga tropa. Pwede po ba akong lumabas para makipaglaro?

III. 🗨️ PAG-USAPAN NATIN

Hi, Patrick!

Salamat sa iyong katanungan. 😊

--

Hindi talaga natin maiiwasang mainip 😞 at ma-miss 😞 ang mga dating ginagawa

natin sa labas ng ating bahay 🏠 - tulad ng paglalaro kasama ang ating mga kaibigan 👯♀️, foodtrips 🍷 - pagkain ng streetfoods 🍔 o sa mga fastfood chains 🍷, at pagpunta sa iba't-ibang lugar para magliwaliw.

Kaya nga lang, mataas kasi ang posibilidad na kapag tayo'y nasa labas ng ating mga bahay ay may makakasalamuha tayong isa o higit pang mga tao na positibo sa COVID-19 at mahawa mula sa kanila na maaaring magdulot ng pagtaas ↑ ng bilang ng mga positibong kaso rito sa bansa.

At upang makatulong sa adbokasiya ng Department of Health na "Flattening the Curve" — o pagpapababa ng tyansa na kumalat ang COVID-19 virus sa bansa, ay isinailalim sa "Enhanced Community Quarantine" ang Luzon. Pinapakiusapan din ang lahat na hangga't maaari ay mag "Home Quarantine" o manatili muna tayo at ang ating pamilya sa loob ng ating mga tahanan habang patuloy na nakikipaglaban ang ating mga frontliners sa COVID-19 virus. 🏠👨👩👧👦

IV. 🙌 HAMON

Huwag mag-alala, dahil alam ni Teach na hindi natin maiiwasang mainip at malungkot sa loob ng ating bahay ay napag-isipan kong magrekomenda ng mga maaaring gawin upang maging produktibo ang ating araw. 😊

Una na sa listahan ay ang pakikihalubilo natin sa ating kapamilya. 👨👩👧👦

Magbalik-tanaw 🔄 tayo noong kapanahunan nila o di kaya'y noong sanggol 🧒 ka. Siguradong ibabahagi ni Tatay 👨👧 at Nanay 👩👧 ang love story ❤️ nila o di kaya'yung mga una mo - iyak, pag-ngipin, salitang nabigkas, paglakad, o araw sa eskwelahan.

Kung gusto mo, pwede ka ring magpaturo ng pagbabasa 📖, pagsagot ng Mathematical Equations $+$ $-$ $÷$ $×$, pagguhit 📏, pagtugtog ng gitara 🎸, pag-awit 🎤, pag-sayaw 🕺🕴️, o pagsulat ng kanta 🎵📝 kela Ate o Kuya.

Pwede ring manood ng palabas sa TV o online 📺 - DIY things, pageedit ng litrato o bidyo 📸🎥, maging ng paborito ninyong telenovela o vlog sa loob at labas ng bansa. (Pwede rin namang gumawa ng Tiktok videos upang aliwin ang sarili at ibang tao. 😊)

'Di ba? Napakaraming pwedeng gawin upang hindi tayo mainip o malungkot sa loob ng ating mga bahay. 👨👩👧👦

Sulitin ang pagkakataong ito upang makapiling ang ating kapamilya. Iwasan lang natin ang pagkuha ng groupie ❌📸👨👩👧👦. At, panatilihin ang 1 metro o di kaya'y dalawang dipang layo sa kanila. 👨👩

Mahalin at alagaan natin ang bawat isa sa kabila ng COVID-19. Higit sa lahat, mabuti nang manatili tayo sa loob ng ating bahay upang makaligtas ng buhay. 🏠❤️

V. 💡 **PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag-alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

- 🔵 Bakit tayo naka-“Home Quarantine”?
- 🔵 Ano ang pag-iwas na kumalat ang COVID-19 virus sa bansa sa pamamagitan ng pananatiling malinis at malusog sa loob ng bahay?
- 🔵 Anu-ano ang pwedeng gawin upang makihalubilo sa ating kapamilya?
- 🔵 Tama o Mali. Kumuha ng groupie kasama ang pamilya.
- 🔵 Ilang metro o dipa ang dapat nating idistansya o ilayo sa iba?

VI. 🙌 **PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. → 📱👩🏫🏠

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa “Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?” 🧑🏫👩🏫?

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 😊

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."